- **Ano-anong barayti ng wika ang kapansin-pansin sa paraan ng pagsasalita ng host sa programang pinanuod?**

Kapansin pasnsin ang barayti ng wika na tinatawag na idyolek sa dalwang mga hosts. Isa na dito ang istilo ng kanilang mga pananalita na natatangi, kaya naman kapag naririnig silay meadaling makikilala kung sino ang ginagawa o ang isang personalidad. Kung mapapansin natin ang idyolek o pananalita ni kris ay ang kakaibang istilo ng kanyang pagtawa ng ha ha ha ha ha, okey! Atbp. Kabilang na ang tono nga kanyang boses kaya nga siya binansagang “The Iron Lady ng Asya”. Habang kay Miriam defensor Santiago naman ay pina brusko, malimit parang palaging galit at tsaka mabilis kung magsalita. Napansin ko rin ang pag conyo ni kris “Let’s go na sa ating next hot topic” na kabilang sa sosyolek.

- **Sino-sino ang mga personalidad na kanilang ginaya? Bakit kaya sila ang napiling gayahin? Ipaliwanag.**

Sa Programang ito ay napiling gayahin ni Melay ay si Senator Meriam defensor Santiago



This study source was downloaded by 100000821765671 from CourseHero.com on 04-07-2021 07:18:23 GMT -05:00

https://www.coursehero.com/file/64653325/Barayti-ng-wikadocx/

at si Angelica Panganiban naman kay Kris Aquino.



Sa aking pagkakaalam ang programang ito ay may pamagat na Banana Split na isang comedy program tuwing biyernes ng gabi na naglalaman ng mga kaisya siyang atmospera for entertainment. Kaya naman hindi kuwestyonable na sila ang pinili ng programa na gayahin sapagkat ang mga taong ito ay sikat pagdating sa kanilang istilo ng pananalita na talaga namang tumatak na sa bawat isip ng mga Pilipino, mapa matanda man o bata. Sa oras na marinig itoy agad nahuhulaan agad ng tao ang mga gianagaya sapagkat ang kanilang pananalita ay kakaiba at tsaka nakapagpapasaya lalo na kung gagayahin. Kaya naman garantisadong ito ay papatok sa mga nanonood kasi sa kasikatan nito at sa pagiging unique na naghahatid rin ng kasiyahan sa mga nanonood.  Malimit din kasi silang napapanood at napakikinggan sa mga telebisyon.

This study source was downloaded by 100000821765671 from CourseHero.com on 04-07-2021 07:18:23 GMT -05:00

https://www.coursehero.com/file/64653325/Barayti-ng-wikadocx/

This study resource was shared via CourseHero.com